British Columbia's
Office of the Human Rights Commissioner

Mga iksemsyon sa ipinag-uutos na paggamit ng panakip-mukha (mask) sa British Columbia

Ang mga panakip-mukha ay ipinag-uutos na ngayon sa loob ng lahat ng mga pampublikong lugar sa BC, maliban sa mga taong walang kakayahang magsuot ng panakip-mukha.

Hindi ka kailangang magsuot ng panakip-mukha kung:

- **Ikaw ay wala pang 12 taong gulang**
- **Hindi ka makasuot ng panakip-mukha dahil sa isang kondisyong pangkalusugan o kapansanan sa katawan o sa pag-iisip**
- **Hindi mo magawang magsuot o mag-alis ng panakip-mukha nang walang tulong mula sa ibang tao**

Ang mga taong **may kakayahang** magsuot ng panakip-mukha ngunit pinipiling huwag gawin ito ayon sa kanilang kagustuhan **ay hindi iksemted**.

Ang mga taong hindi iksemtado ngunit tumatangging magsuot ng panakip-mukha sa isang panloob na pampublikong kapaligiran ay maaaring mapatawan ng multa.

Kung ang tao ay maghahayag ng iksemsyon sa panakip-mukha, tanggapin mo sila batay sa kanilang salita. **Hindi na dapat hingan ng patunay**.

Ang mga nagmamay-ari ng negosyo ay **hindi maaaring multahan** sa pagpapapasok nila ng mga taong walang panakip-mukha sa kanilang lugar ng negosyo.

Isang mensahe mula sa Komisyonado ng Karapatang Pantao ng BC (BC's Human Rights Commissioner)

Kasalukuyang Takda sapul sa Ika-16 ng Disyembre 2020. Mangyaring hanapin ang pinakabagong impormasyon mula sa Sentro para sa Pagsugpo sa Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control | www.bccdc.ca).